（フィリピノ語）

みんなde なかよく！ まなぼうさい!!

minna de nakayoku manabousai!!



Magkakapatid na Saclolo

# Pagtugon/Pagkilos sa Sakuna

Nilikha ang materyales na ito sa pamamagitan ng tulong mula sa Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).

# 1. Paghahanda para lumikas


Kapag nagkaroon ng sakuna, maaaring masira ang mga tubo ng tubig at hindi makakakuha ng tubig na maiinom, masira ang kalsada at hindi agad makarating ang tulong.
Maghanda antimano upang makakain at makapagpalit ng damit nang ilang araw matapos magkaroon ng sakuna.




# Maghanda ng dadalhing gamit na pang-emergency



☐Helmet/“bōsai zukin”




☐Guwantes (“gunte”)



Isuot ito para hindi masaktan kapag lilikas.


☐Sleeping bag




☐Kumot



☐Tuwalya



☐Panloob (Pampalit na Damit)




Gumamit ng malinis na damit kapag matutulog at magpapalit ng damit.


□Flashlight □Kandila □Posporo/Lighter








Madilim na madilim sa gabi kapag huminto ang kuryente. Kailangan ng ilaw.



□Radyo


Makakakuha ng impormasyon ukol sa sakuna.

☐Pagkain at maiinom na tubig ng pamilya para sa 3 araw




Mahalagang-mahalaga ang pagkain at inumin.

☐Pang-first aid na Gamot/Regular na Gamot




Kailangan kapag nasugatan o nasaktan at para sa taong may karamdaman.

Bahagi lamang ang nakasulat dito.
Pag-isipan kung ano pa ang kailangan at ihanda ito.

# 2. Saan lilikas

Maaaring maging mapanganib na daan sa oras ng sakuna kahit ang palaging ginagamit na daan.
Gamitin ang ligtas na ruta sa paglisan, at kalmadong lumisan sa itinakdang lugar ng paglisan.





# Pagtiyak ng lugar ng paglisan at ruta sa paglisan

Nakatakda sa bawat distrito kung saan kayo nakatira ang lugar ng paglisan kapag nagkaroon ng sakuna. Kadalasan, mga paaralan at pampublikong gusali ang lugar ng paglisan. Magtanong at tiyakin sa lokal na samahan (chōnaikai) o sa namamahalang dibisyon sa lungsod o bayan.

# Pagtiyak ng Hazard Map





Ipinamamamahagi sa mga tahanan ninyo ang "Hazard Map" kung saan malalaman ang mapanganib na lugar at lugar ng paglisan sa oras ng sakuna.
May iba't ibang uri ng hazard map tulad ng para sa lindol, pagkababad sa tubig, pagtaas ng tubig sa dagat, pagbaha, sakuna ng pagguho ng lupa, atbp. (Mayroong uring hindi nagagamit ayon sa lugar.)

# Hazard Map

## (Halimbawa)

Nakalantad para sa publiko sa lungsod ng Hiroshima ang Hazard map ng bahang nasa kanan. Nakabukod ayon sa kulay ang mga mapanganib na lugar.




| | | | |
|---|---|---|---|
| Tinatayang lalim ng pagkababad sa tubig | (purple) | 2.0 m ~ mababa sa 5.0 m | Lubog sa tubig ang bubong ng 2F pataas |
| | (dark blue) | 2.0 m ~ mababa sa 5.0 m | Lubog sa tubig ang 2F |
| | (light blue) | 1.0 m ~ mababa sa 2.0 m | Lubog sa tubig ang 1F |
| | (green) | 0.5 m ~ mababa sa 1.0 m | Babad sa tubig hanggang ground level |
| | (yellow) | mababa sa 0.5 m | Babad sa tubig ang basement |

Ipinamamamahagi sa inyong tahanan ang hazard map, ngunit maaari itong tingnan sa homepage. Magtanong sa namamahalang dibisyon sa lungsod o bayan kung hindi maintindihan.



Para sa katanungan

(Tingnan ang bukod na papel "Talaan ng kagawaran sa lungsod at bayang namamahala sa pag-iwas sa sakuna" sa loob ng Prefecture)

# 3. Magpasya ng paraan ng pakikipag-ugnayan sa pamilya

Maaaring gamitin ang numerong pansakuna para sa mensahe (Saigaiyō Dengon Dial) "**171**" at mag-iwan ng mensahe *(record)* at makinig sa mensahe *(play)* upang matiyak ang kaligtasan ng pamilya.

- Paraan ng Pag-iwan ng mensahe
- Paraan ng Pakikinig sa Mensahe

I-dial ang "**171**"

I-dial ang "**1**" (Pag-iwan ng mensahe)

I-dial ang "**2**" (Pakikinig sa Mensahe)

I-dial ang numero ng telepono sa sariling bahay atbp. mula sa area code

# 4. Alamin



Una sa lahat, mahalagang alamin ang impormasyon sa sakuna at impormasyon sa pag-iwas sa sakuna.


Kung alam na ang kalagayan ng sakuna, maaaring makapagpasya kung saan at paano mabuting lumikas.

# Kumuha ng impormasyon sa sakuna!

## Paano kaya makakakuha ng impormasyon sa sakuna at pag-iwas sa sakuna?

- TV, Radyo
- Mail
- Balita sa Internet
- Homepage ng Prefecture, Lungsod at Bayan at Sasakyan para sa Impormasyong Pampubliko
- Radyo ng Pamahalaan para sa Pag-iwas sa Sakuna



# Internet / Cellphone

Sa kasalukuyan, maaaring gamitin ang internet at cellphone para malaman ang impormasyon sa sakuna kahit kailan at kahit saan.

Pag-aralan sa bahay kasama ang inyong pamilya!

・Web ng Hiroshima Prefecture sa Pag-iwas sa Sakuna
（http://www.bousai.pref.hiroshima.jp.e.bt.hp.transer.com/hdis/）

・Mail ng Hiroshima Prefecture para sa Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna
（http://www.bousai-mail.pref.hiroshima.lg.jp/home.jsp） atbp.



# Payo ng Paglisan

May "Payo ng Paglisan" sa impormasyon sa sakunang malalaman mula sa TV, radyo, sasakyan para sa impormasyong pampubliko, radyo ng pamahalaan para sa pag-iwas sa sakuna atbp.

Senyas na "Lumikas po kayo" ang "Payo ng Paglisan."

Kahit walang inilabas na "Payo ng Paglisan," pagpasyahan ang kalagayan at lumisan nang kusa kung nakakaramdam ng panganib.



# 5. Lumikas

Kapag nagkaroon ng sakuna, ang pangangalaga at pagligtas sa sariling buhay ang pinakamahalaga.

Para rito, kailangang alamin ang mga uri ng sakuna at paraan ng paglikas.



# Lumikas sa Malakas na Ulan/Bagyo/ Pagtaas ng Tubig sa Dagat

- Aagos ang tubig sa basement kaya't lumikas sa ground level.
- Baka mababad sa tubig ang 1F dahil sa baha kaya't lumikas sa 2F pataas.
- Kapag naglabas ng "Payo ng Paglisan," lumikas sa ligtas na lugar ng paglisan kasama ang pamilya at kapitbahay.



# Lumikas sa Sakuna ng Pagguho ng Lupa

Tataas ang panganib na magkaroon ng sakuna ng pagguho ng lupa dahil lalambot ang lupa kapag patuloy ang buhos ng ulan.

Mag-ingat dahil maaaring magkaroon ng sakuna ng pagguho ng lupa kahit pagkatapos tumila ang ulan.



# Kung sakaling matapat sa pagdaloy ng putik at bato

Mga 40 kph ang bilis ng pagdaloy ng putik at bato. Deretso itong susulong nang may bilis na halos pareho ng kotse.

Ano ang dapat gawin?



Kung matapat sa pagdaloy ng putik at bato, lumisan sa mataas na lugar hangga't maaari. Lumikas nang pahalang sa direksyon ng pagdaloy ng putik at bato, at maghanap ng mataas na lugar.



# Lumikas sa lindol

Kapag nagkaroon ng lindol, lumikas sa gitna ng malawak na lugar (silid) kung saan walang babagsak o mawawasak na bagay. Lumikas sa lugar na tulad ng ilalim ng mesa atbp. kung saan mapoprotektahan ang katawan mula sa maaaring mahulog na bagay.



# Lumikas sa Tsunami

Mapanganib lalo na sa pook na katabi ng dagat at paligid ng ilog. Maaga pa lang, lumikas na sa malayo at mataas na lugar.

Noong Malaking Lindol sa Silangang Japan, umagos ang higit sa 10 m kataas na alon.

Hangga't maaari, lumikas sa mataas na lugar tulad ng mga 4F ng gusali.



# Damdamin at pag-iisip sa oras ng paglikas

Mag-ingat dahil maaaring makaramdam ng sumusunod at mahuli ang paglikas sa oras ng sakuna.



- Ligtas ang sarili (OK lang ako)
- Hindi ako lilikas dahil hindi lilikas ang lahat
- Hindi maigalaw ang katawan (Natatakot / Nababahala)

# 6. Magtulungan

Mahalaga ang pakikipagtulungan kapag nagkaroon ng problema kahit hindi kaugnay ng sakuna. Magbubunga ng damdamin ng pakikipagtulungan ang mabuting pakikitungo sa kapitbahay, kamag-anak at pamilya sa araw-araw.



Subukang simulan muna sa pagsasalita tulad ng pagbati sa ating kapitbahay.



Nilikha ang materyales na ito sa pamamagitan ng tulong mula sa Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).

(Bukod na papel)

## Talaan ng kagawaran sa lungsod at bayang namamahala sa pag-iwas sa sakuna

| Pangalan ng Ahensiya | Telepono | Pangalan ng Ahensiya | Telepono |
|---|---|---|---|
| Hiroshima City Fire Department<br>Crisis Management Section Disaster Prevention Division | 082-546-3441 | Akitakata City General Affairs Department<br>Crisis Management Office | 0826-42-5625 |
| Kure City Fire Department<br>Fire Defense Section Crisis Management Office | 0823-26-0315 | Etajima City General Affairs Section<br>Crisis Management Division | 0823-40-2218 |
| Takehara City General Affairs Section<br>General Affairs Division | 0846-22-7719 | Fuchū Town Community Environment Section<br>Civic Life Division | 082-286-3243 |
| Mihara City Community Environment Section<br>Crisis Management Office | 0848-67-6066 | Kaita Town General Affairs Section<br>Community Safety Division | 082-823-9208 |
| Onomichi City General Affairs Section<br>General Affairs Division | 0848-25-7216 | Kumano Town General Affairs Section<br>General Affairs Division | 082-820-5601 |
| Fukuyama City Planning and General Affairs Department<br>Crisis Management and Disaster Prevention Division | 084-928-1228 | Saka Town Environment and Disaster Prevention Division<br>Disaster Prevention Subdivision | 082-820-1506 |
| Fuchū City General Affairs Section<br>General Affairs Division Community Safety Subdivision | 0847-43-7211 | Akiōta Town General Affairs Division | 0826-28-2111 |
| Miyoshi City General Affairs Section<br>Crisis Management Division | 0824-62-6116 | Kita Hiroshima Town General Affairs Division | 0826-72-2111 |
| Shōbara City Crisis Management Division<br>Crisis Management Subdivision | 0824-73-1206 | Ōsaki Kamijima Town General Affairs Division<br>Miscellaneous Services Subdivision | 0846-65-3111 |
| Ōtake City General Affairs and Planning Section<br>General Affairs Division | 0827-59-2119 | Sera Town General Affairs Division | 0847-22-1111 |
| Higashi Hiroshima City General Affairs Section<br>Crisis Management Division | 082-420-0400 | Jinsekikōgen Town General Affairs Division<br>General Affairs Subdivision | 0847-89-3330 |
| Hatsukaichi City General Affairs Department<br>Crisis Management Division | 0829-30-9102 | | |

(Abril 2012)

**Sa mga kaso ng sunog o anumang emaergency, i-dial ang#119**

**Sa oras na ipaalam ninyo ang isang sunog o anumang emergency, siguruhing magsalita ng malinaw at dahan - dahan tulad ng nakasaad sa ibaba:**

**●Sunog**

**1. Sa oras ng sunog,sabihin na "Kaji desu! (Sunog)."**

**2. Ibigay ang inyong tirahan, "XX-ku, XX-chome, XX-ban ,XX-go (ward,area pati ang numero ng bahay)."**

**3. Ibigay ang sariling pangalan," Watashi no namae wa, XXdesu (Ang pangalan ko ay XX)."**

**●Emerhensiya**

**1.Sabihin na "Kyu kyu desu !(Emergency!)."**

**2.Ibigay ang inyong tirahan, "XX-ku, XX-chome, XX-ban ,XX-go (ward,area pati ang numero ng bahay)."**

**3.Ibigay ang sariling pangalan," Watashi no namae wa, XXdesu (Ang pangalan ko ay XX)."**

**Isulat ang mga Japanese phrases sa phonetical order upang madaling gamitin ito sa pagbibigay-alam sa mga kaso ng sunog o anumang uri ng emergency.**

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Sunog | Emerhensiya |
| 2 | Inyong tirahan | |
| 3 | Inyong pangalan | |